


# Health

## Ikatlong Markahan – Modyul 6: Mga Patakaran at Batas hinggil sa Pagbenta at Paggamit ng *Alcohol at Tobacco*



**Health – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 6: Mga Patakarán at Batas hinggil sa Pagbenta at Paggamit  
ng *Alcohol* at *Tobacco*  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Teodmhar P. Magno

**Editor:** Monica R. Delleva

**Tagasuri:** Vilma P. Adao

**Tagaguhit:** Teodmar P. Magno

**Tagalapat:** Arielyn Mae A. Gudisan, Teodmhar P. Magno, Ma. Jayvee A. Garapan

**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma

Carmelino P. Bernadas

Arnulfo M. Balane

Rey F. Bulawan

Rosemarie M. Guino

Nicolas G. Baylan

Joy B. Bihag

Neil G. Alas

Ryan R. Tiu

Imelda E. Gayda

Nova P. Jorge

Abelardo G. Campani

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 – 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# Health

**Ikatlong Markahan – Modyul 6:  
Mga Patakaran at Batas hinggil  
sa Pagbenta at Paggamit ng  
*Alcohol at Tobacco***

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa panahon ngayon, mas kailangang paigtingin pa ng pamahalaan at paaralan ang mga patakaran at batas tungkol sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco* dahil sa lumalaking bilang ng mga kabataang nalululong dito. Ang pagkontrol sa mga ito ay dapat na isalang-alang upang hind maging tuta o alipin ang mga mag-aaral ng impluwensiya ng mga ito.

Ang mga paaralan ay may mga patakarang ginawa alinsunod sa pamabansang batas hinggil sa pagkokontrol sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco*. Ito ay ginawa para mabantayan at maging ligtas ang nakararami lalo na ang mga kabataan sa negatibong dulot nito.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. natutukoy ang mga patakaran ng paaralan at pambansang batas hinggil sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco*;
2. nailalarawan ang kahalagahan ng mga patakaran at batas sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco*;
3. nakasusunod ng mga patakaran at batas hinggil sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco*; at
4. nakagagawa ng sariling patakaran sa pagbenta at paggamit ng *alcohol at tobacco*. H5SU-IIIij-13



## Subukin

**Panuto:** Basahin nang maayos ang bawat pangungusap. Isulat sa inyong sagutang papel ang salitang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng wastong paglalarawan ng mga kaukulang patakaran o batas sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* o *tobacco* at **MALI** naman kung hindi.

1. Maaring magbenta ang mga may ari ng tindahan ng *alcohol* o *tobacco* sa mga batang menor de edad.
2. Ang pagbebenta ng *tobacco* malapit sa mga paaralan ay mahigpit na ipinagbabawal ng batas.
3. Ang *RA 9211* ay siyang batas na ginawa ng mga lulong sa paggamit ng *tobacco* para sila maproteksyonan at patuloy na makagammit nito.
4. Kinakailangan na ang naninigarilyo ay hindi nasa mga pampublikong lugar kagaya ng paaralan, simbahan o parke.
5. Kontrolado ng pamahaalan ang pagbebenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco* sa pamamagitan ng batas na kanilang ipinapatupad ang *Tobacco Regulation Act of 2003*.
6. Ang pag-inom ng *alcohol* ay nakapagpapalakas ng *immune system* para makaiwas sa sakit.
7. Nararapat na ang mga guro at magulang ay magtulungan para mabantayan ang kabataan sa kanilang mga ginagawa para hindi sila maimpluwensyahan sa paggamit ng *tobacco* at pag-inom ng alak.
8. May mga patakaran rin ang paaralan tungkol sa paninigarilyo at pag-inom ng alak na mahigpit na ipinapatupad para mapangalagaan ang kaligtasan at kalusugan ng mga mag-aaral.
9. Bilang isang mag-aaral, pwede mo ring hikayatin ang iyong kapwa mag-aaral na hindi manigarilyo at uminom ng alak para hindi masira ang kanilang pangangatawan.
10. Maari din ang mga kabataan makipag-ugnayan sa kanilang barangay lalo na sa mga kinatawan nila para imungkahi ang paggawa ng sariling patakaran na makatutulong sa pagkontrol ng paggamit at pagbenta ng *alcohol* at *tobacco* sa kanilang lugar.

## Aralin

# 1

## Mga Patakaran at Batas hinggil sa Pagbenta at Paggamit ng *Alcohol* at *Tobacco*

Ang pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco* ay mahigpit na kinokontrol ng pamahaalan. Ito ay mahigpit na ipinagbabawal lalo na sa mga menor de edad o grupo ng kabataan o mga mag-aaral dahil sa negatibong epekto nito sa kalusugan, mental or emosyonal at sosyal.

Sa araling ito matutunan ng mga mag-aaral ang mga polisiya ng paaralan at pambansang batas tungkol sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco*.



### **Balikan**

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang salitang **POSITIBO** kung ang sitwasyon ay nagsasaad ng tamang salaysay tungkol sa gateway drugs at **NEGATIBO** kung ito ay mali sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang paggamit ng *marijuana* ay nakatutulong upang mapalakas ang immune system ng isang tao.
- \_\_\_\_\_ 2. Hindi kailangan ng tao ang *gateway drugs* sapagkat ito ay nakasisira lamang ng katawan at kalusugan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang kabataan o mag-aaral ay dapat na hindi gumamit ng kahit na anong *gateway drugs* sapagkat ito ay nakapeperwisyo.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang nikotina sa *tobacco* ay nakababara sa daluyan ng hangin sa *respiratory system* ng isang tao.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pag-inom ng alak ay nagsisilbing bitamina ng utak kaya kadalasan walang hiya ang taong nakainom.



### **Mga Tala para sa Guro**

Ang modyul na ito ay dinisenyo na may isang aralin at dapat pag-aralan sa loob ng isang linggo.



## Tuklasin

Ayon sa ulat ng *World Health Organization* (WHO), sa mga nagdaang mga taon umabot sa 6 milyong tao sa mundo ang namatay dahil sa paggamit ng *tobacco* at 2.5 milyong tao ang nasawi rin dahil sa pag-inom ng alak. Ang Pilipinas ay nakapagtaya ng 713,000 na mga bilang ng namatay dahil sa paggamit ng *tobacco* dahil sa sakit na nakuha mula rito kagaya ng kanser sa baga at iba pang sakit sa *respiratory system*. Ayon naman sa isang inilimbag na ulat ni Martha Jean Sanchez noong ika-8 ng Disyembre 2020 tungkol sa bilang ng namatay sa Pilipinas noong 2016, 4,431 ang nasawi dahil sa *liver cirrhosis* na isang sakit sa atay dahil sa *alcohol*.


Mula sa mga datos na ito, nakakatakot na madagdagan pa ang bilang ng masasawi dahil sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco* kung hindi ito makokontrol. Ang pamahalaan kasama ang mga paaralan sa ilalaim ng pamunuan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Mas Mataas ng Edukasyon (CHED) ay gumawa ng mga pambansang batas at mga patakaran para makontrol ito. Ang pambansang batas na ito ay ang tinatawag na RA 9211 o ang *Tobacco Regulation Act of 2003* at *Presidential Decree no. 1619* na tungkol sa kaukulang parusa sa paggamit at pagbebeta ng *alcohol* sa mga menor de edad.

Ikaw ba bilang isang mag-aaral, dapat bang sundin natin ang mga batas at patakaran na itinalaga ng pamahalaan at paaralan hinggil sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco*?



## Suriin

Ang paninigarilyo at pag-inom ng alak ay sadyang nakakaapekto sa kalusugan ng isang tao. Ang sangkap ng mga ito ang siyang naglilagay sa ating katawan sa alanganin at kapahamakan kagaya ng mga sakit na makukuha mula dito. Nariyan ang sakit sa baga o kanser sa baga, sakit sa lalamunan at daluyan ng hangin, sakit sa atay at altapresyon.





Ang *Republic Act 9211* o ang tinatawag na *Tobacco Regulation Act of 2003* ay isang pamabansang batas na nagkokontrol ng pagbalot, paggamit, pagbenta at pag-*advertise* (paghayag) ng *tobacco* at ng iba pang layon. Nakasaad dito ang mga patakaran na dapat sundin ng mga tao para maproteksyonan ang nakararami sa kanilang kalusugan mula sa masamang epekto nito.

Kabilang dito ang sumusunod na mga kondisyon:

1. Ipinagbabawal ang pagbebenta nang malapit sa mga paaralan. Kailangan nasa 100 metrong distansya ang mga tindahan mula sa paaralan.
2. Hindi dapat bumili o gumamit ang mga menor de edad.
3. Hindi dapat manigarilyo sa mga pampublikong lugar kagaya ng paaralan, simbahan, parke, *mall*, ospital, *medical*, *dental* at *optical clinics*, mga sentrong pangkalusugan, mga paliparan, *terminals*, mga tindahan ng gas o gasolina at mga laboratoryo.
4. Kailangan sundin ng mga kompanya nito ang nararapat na pagbalot at pag-*advertise* nito na may nakalagay na babala sa epekto nito sa kalusugan na maaring nakasulat sa Filipino o *English*.

Ipinapatupad din ng pamahalaan ang *Presidential Decree No. 1619* na hinggil sa pagpataw ng kaukulang parusa sa paggamit, pagmamay-ari at hindi awtorisadong pagbenta sa mga menor de edad ng anumang uri ng *alcohol*. Ito ay naglalayong maproteksyonan ang nakararami sa pagkalasing at sa negatibong epekto nito sa kalusugan.


Kabilang sa kautusang ito ang mga kaparusahan sa paglabag dito kagaya ng:

1. Pagkakulong ng apat na taon at isang araw hanggang walong taon na may multang apat na libo hanggang walong libong piso para sa mga gagawa, magbebenta o maglalako ng alak na may katangiang magpalabas ng nakalalasing singaw na mayroong isa o higit pang kemikal kagaya ng *methanol*, *ethanol*, *isopropanol*, *ethyl acetate*, *n-propyl acetate* at iba pa.
2. Pagkakulong ng apat na taon at isang buwan hanggang walong taon na may multang apat na libo hanggang walong libong piso para sa mga palaging nasa inuman o magpapakalasing nang sobra.
3. Pagkakulong ng anim na buwan at isang araw hanggang apat na taon na may multang apat na raan hanggang apat na libong piso para sa mga magbebenta o mag-aalok sa mga menor de edad na walang pahintulot mula sa mga magulang o *guardian*.
4. Pagkakulong ng anim na buwan at isang araw hanggang apat na taon na may multang apat na raan hanggang apat na libong piso para sa magbebenta o mag-aalok ng nakalalasing na inumin na may taglay na 30% volume o 60% *proof* o higit pa sa mga menor de edad.

Ang mga ito ay maigting na ipinapatupad saan man sa Pilipinas para maiwasan ang mga masamang epekto sa kalusugan, mental o emosyonal, at sosyal ng mga nakararami lalong lalo na sa mga kabataan.



Ang mga paaralan bilang kaakibat ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas na ito ay mayroon ding mga patakaran ginawa at ipinapatupad para masigurado ang kaligtasan ng mga mag-aaral mula sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco*.



## **Pagyamanin**

**A. Panuto:** Isulat ang salitang **ALCOHOL** kung ang pinag-uusapan sa bawat pangungusap ay mga patakaran tungkol sa pagbenta o paggamit ng *alcohol* at **TOBACCO** kung ito naman ay tumutukoy sa mga patakaran tungkol sa pagbenta at paggamit ng sigarilyo. Isulat ang tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagbabawal na magbenta o mag-alok sa mga menor de edad ng mga nakalalasing na likido na may sangkap na nakalalasang singaw.
- \_\_\_\_\_ 2. Pagbabawal magbenta na mga produktong nakasisira sa *respiratory system* ng tao gaya ng *Marlboro*, *Winston* at *Mighty* malapit sa mga paaralan.
- \_\_\_\_\_ 3. Pagkakakulong ng hanggang walong taon dahil sa pagbebenta at pag-aalok ng mga likidong nakalalasing sa mga menor de edad na walang pahintulot mula sa magulang.
- \_\_\_\_\_ 4. Hinuli ang mga grupo ng kabataan na nag-iinuman sa isang videokehan malapit sa paaralan.
- \_\_\_\_\_ 5. Dinala sa presento ang isang lalaking buga nang buga ng usok sa parke na may mga nakaistambay na mga grupo ng kabataan.

**B. Panuto:** Tukuyin kung anong batas ang nilabag sa bawat sitwasyon. Isulat ang **RA 9211** kung ang nilabag ay ang mga patakaran tungkol sa pagbenta at paggamit ng *tobacco* at **PD 1619** kung ang nilabag naman ay ang paggamit at pagbenta ng *alcohol* sa mga menor de edad

- \_\_\_\_\_ 1. Gumawa sila Mang Jose ng tindahan malapit sa paaralan. Nagtinda sila dito ng sigarilyo.
- \_\_\_\_\_ 2. Inutusan ni Kaloy ang kanyang nakababatang kapatid na bumili ng *Marlboro* sa tindahan ni Aling Nena.
- \_\_\_\_\_ 3. Inalok ni Pedro ang bunsong kapatid ni Ben na uminom ng alak.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pagawaan nila Mang isko ng sigarilyo ay hindi sumunod ng nararapat na pagbalot. Walang nakasulat na *government warning*.
- \_\_\_\_\_ 5. Nagbenta sila Melo ng alak kay Toto na isang menor de edad na walang pahintulot ng magulang.



## **Isaisip**

Nararapat bang may mga patakaran at batas ang paaralan at pamahalaan tungkol sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco*? Bakit?

Ano ang kahalagahan ng pagsunod sa mga patakaranang ito?

Malaki ba ang maitutulong ng mga patakaranang ito sa kalusugan ng mga kabataan at nakararami? Bakit?



## **Isagawa**

**A. Panuto:** Gumawa ng tigdalawang batas o patakaran para sa iyong barangay tungkol sa pagbenta at paggamit ng *alcohol* at *tobacco*. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Patakaran sa Pagbenta at Paggamit ng *Alcohol*:

---

---

Patakaran sa Pagbenta at Paggamit ng *Tobacco*:

---

---

**B. Panuto:** Gumawa ng isang batas para sa iyong barangay na siyang tutulong maging ligtas sa kapahamakan ang mga menor de edad. Gumawa ng sariling titulo at dalawa o tatlong mga kondisyon at kaukulang parusa dito kung malalabag.

---

Pamagat ng Batas

Mga Kondisyon at kaukulang parusa:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



## Tayahin

**A. Panuto:** Tukuyin kung dapat hulihin o hindi ang taong gumagawa ng sumusunod. Isulat ang salitang **DAPAT** sa sagutang papel kung karapatdapat siyang hulihin at isunod kung anong batas ang nilabag kung ito ba ay **RA 9211** o **PD No. 1619**. Isulat naman ang salitang **HINDI** kung hindi dapat hulihin at sundan ito ng salitang **WALA**.

Halimbawa: DAPAT; PD. No. 1619 / HINDI; WALA

1. Tahasang inaalok ni Bert na uminom ng *beer* ang kanyang bunsong kapatid na pitong taong gulang.
2. Nagdesisiyong magtinda sina Aling Ester sa eskinita ng kanilang barangay. Ito ay malayo sa paaralan ng kaniyang anak.
3. Maraming mga bumuli na whole seller sa kompanya nila Ginoong Malvar dahil lahat ng kanilang panindang sigarilyo ay may nakalagay na government warning.
4. Bumili si Fred ng sigarilyo. Pupunta siya sa ospital dahil bibisitahin niya ang kanyang lolang may sakit. Noong nadoon na siya, nagsindi siya ng sigarilyo at bumuga-buga.
5. Palagi nalang nag-iinuman sila Mang Kanor at matitindi kung maglasing. Walang pinipiling oras ginawa nang inuman ang kanilang bahay.

**B. Panuto:** Tukuyin kung nasunod ba ang batas o hindi. Ikahon ang bilang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagsunod sa batas at bilugan naman ang bilang kung hindi. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Halimbawa:  1. °  1.

1. Sa pagbalot nila Mang Alvin ng kanilang mga pakete ng sigarilyo, nilagyan nila ito ng government warning na “*Cigarette smoking is dangerous to your health.*”
2. Hindi nagpapigil si Kris na uminom ng alak kahit na menor de edad pa siya.
3. Binigyan si Benjie ng sigarilyo sa plasa pero hindi niya ito sinindihan.
4. Nag-inuman sila Mang Kiko kahit na pinagbabawal sa lugar na iyon.
5. Pinabili ni Jomar si Kid ng beer na may 3% volume ng *alcohol*.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Buuin ang bawat pangungusap ng batas na nilabag sa bawat sitwasyon. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot.

Republic Act 9211
Presidential Decree No. 1619

1. Si Lito ay hinuli dahil sa nagbenta ito ng alak kay Moses na isang menor de edad. Ang nilabag na batas ni Lito ay \_\_\_\_\_.
2. Humithit ng sigarilyo sila Ted at Jim sa parke ng mga bata. Ang nilabag na batas nina Ted at Jim ay \_\_\_\_\_.
3. Gumimik sila Lemuel sa Bayan. Pinayagan lang ng may-ari ng bar na bumili sila ng inuming may 40% *volume* ng *alcohol* na hindi pa nila edad. Ang nilabag na batas ng may-ari at ni Lemuel ay \_\_\_\_\_.
4. Nang pumasok si Emil sa paaralan, nag-alok siyang manigarilyo sa kanyang mga kaklaseng lalaki sa labas ng silid-aralan. Ang nilabag na batas nina Emil at kanyang mga kaklase ay \_\_\_\_\_.
5. Ang pamilya nila Renzo ay mayaman. Mayroon sariling pagawaan ng sigarilyo. Ngunit, ang mga produktong ito ay walang nakasulat na “*Cigarette smoking is dangerous to your health.*” Ang nilabag na batas ng pagawaan ng sigarilyo nila Renzo ay \_\_\_\_\_.



## Susi sa Pagwawasto

5. TAMA	1. MALI
4. TAMA	2. TAMA
3. MALI	3. TAMA
2. TAMA	4. TAMA
1. MALI	5. TAMA
6. MALI	6. TAMA
7. TAMA	7. TAMA
8. TAMA	8. TAMA
9. TAMA	9. TAMA
10. TAMA	10. TAMA

**Subukin**

5. NEGATIBO	1. NEGATIBO
4. POSITIBO	2. POSITIBO
3. POSITIBO	3. POSITIBO
2. POSITIBO	4. POSITIBO
1. NEGATIBO	5. NEGATIBO

**Balikin**

5. TOBACCO	A. 1. ALCOHOL
4. ALCOHOL	B. 1. RA 9211
3. ALCOHOL	2. RA 9211
2. TOBACCO	3. PD No. 1619
1. ALCOHOL	4. RA 9211
5. PD No. 1619	5. PD No. 1619

**Pagymanin**

A. Iba-iba ang sagot
B. Iba-iba ang sagot

**Isagawa**

A. 1. DAPAT ; PD No. 1619	1.
2. HINDI ; WALA	2.
3. HINDI ; WALA	3.
4. DAPAT ; RA 9211	4.
5. DAPAT ; PD No. 1619	5.

**Tayahin**

1. PD No. 1619	3. PD No. 1619
2. RA 9211	4. RA 9211
3. PD No. 1619	5. RA 9211

**Karagandang Gawain**

# ***Sanggunian***

Department of Education. 2016, *K to 12 Curriculum Guide in Health*, p. 92

Cervantes, Filane Mikee. Philippines: Deaths due to smoking could be averted with tobacco taxation. SEATCA, January 29, 2019. <https://seatca.org/philippines-deaths-due-to-smoking-could-be-averted-with-tobacco-taxation/>.

“What Are Gateway Drugs: Portland OR Rehab: Crestview Recovery.” Crestview Recovery Addiction Treatment Center, May 30, 2019. <https://www.crestviewrecovery.com/rehab-blog/what-are-gateway-drugs/>.

“Presidential Decree No. 1619, s. 1979: GOVPH.” Official Gazette of the Republic of the Philippines. GOVPH, July 23, 1979. <https://www.officialgazette.gov.ph/1979/07/23/presidential-decree-no-1619-s-1979/>.

“TOBACCO REGULATION ACT OF 2003 .” Republic Act No. 9211. Accessed October 10, 2020. [https://www.who.int/fctc/reporting/Philippines\\_annex3\\_packaging\\_and\\_advertising2003.pdf](https://www.who.int/fctc/reporting/Philippines_annex3_packaging_and_advertising2003.pdf).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)